JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhawahunon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalamguon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3
## Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon at Pagsusuri sa Pagkakaiba ng Kathang-isip at Di-kathang-isip na Teksto



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Maginda P. Selatona , Merry Lovelyn D. Celes
**Editor:** Raquel A. Ompad
**Tagasuri:** Raquel A.Ompad
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
ASDS Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Josephine L.Tomboc, EdD



# Alamin

Magandang araw sa iyo! Kumusta ka na ? Isang bagong aralin na naman ang ating tatalakayin ngayon, handa ka na ba?
Sa modyul na ito, ay inaasahang makakamit mo ang sumusunod na kasanayan.

- Naipahahayag ang sariling opinyon o reaksyon sa isang napakinggang balita isyu o usapan (**F6PS-Nc-1**)
- Nasusuri ang pagkakaiba ng kathang-isip at di-kathang-isip na teksto (fiction at non-fiction); (**F6PB-IVc-e-22)**



# Subukin

Bago mo pag-aralan ang iyong bagong leksyon, aalamin muna natin kung ano ang alam mo na.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pahayag. Lagyan ng  kung sang-ayon ka at  kung hindi.

____1. Hindi nangyayari sa bansa ang maagang pagbubuntis.
____2. Walang mayaman o mahirap sa edukasyon ng Pilipinas.
____3. Ang buong basna ay nagtalaga ng curfew hours dahil sa pandemya.
____4. Nasa batas nan g Pilipinas ang deborsyo.
____5. Lahat na matatandang nakasakay ng bus ay nakaupo dahil magagalang at disiplinado ang mga Pilipino
____6. Talamak ang kababalaghan sa bansa dahil sa mga tikbalang, aswang at duwende na nagpapakita.
____7. Kahit anong pagsubok ng buhay, lagging isaisip na kay Bathala ang lagging paggabay.
____8. Gaano man katas ang iyong pangarap kayang-kaya kung ikaw ay may pakpak.
____9. Sino man ang may hiling sa bituin yan ipanalangin.
____10. Hindi balakid ang COVID 19 pandemya sa pag-aaral.



# Balikan

Sa nakaraang aralin ay napag-aralan mo ang tungkol sa mga salitang magkaugnay. Subukan natin ngayon kung natatandaan mo pa ang iyong napag-aralan . Gawin mo ang nasa ibaba.

**Panuto:** Pag-aralan ang mga salita sa loob ng kahon. Isulat sa tamang pangkat ang salita o mga salita kung saan sila nabibilang.

| | | |
|---|---|---|
| Malalagong puno | mababangis na hayop | Tsirp… |
| Insekto | Nagngangalit na tingin | matutulis na kuko |
| Hiss… | salagubang | matayog ang lipad |
| himpapawid | tore ng hari | kulisap |
| tuktok ng bundok | halamang gubat | |

| Tunog | Maliliit na hayop | Gubat | Agila | Mataas na lugar |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

Binabati kita! Talagang isinasaisip mo ang iyong napag-aralan. Ngayon, bagong aralin na naman ang iyong matutunan. Simulan mo na.

## ARALIN 1 Pagpapahahayag ng Sariling Opinyon o Reaksyon sa isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan



# Tuklasin

Basahin ang balita.

**PRRD kinansela ang Face to face Classes 2021**

Manila-Pangulong Rodrigo Duterte noong sabado inutos sa Departamento ng Edukasyon na ikansela ang planong face to face na klase sa mga lugar na may low risk sa corona virus desease 2019 (CoVID 19) sa Enero 2021.

Nagbigay ang pangulong duterte ng utos pagkatapos sa ulat na may nadiskubreng virus sa United kingdom na pinaghihinalaang mas malala pa sa COVID 19 at nang umanoy kumakalat na sa kalapit na bansa tulad ng Malaysia. Sa kanyang pahayag kasama ng Inter-agency Task Force for the Management of Energing Infectious Disease (IATF-EID)hindi siya makapa-payag na ilagay sa peligro ang buhay ng mga kabataan. *(Pinagkukunan: http:/Youtube.com/watch?v=nJdZoAPgDs)*

**Sagutin**

1. Ano ang laman ng balita?
2. Bakit ipinakansela ni Pangulong Duterte ang nakatakdang face to face classes?
3. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ng pangulo?
4. Ano ang saloobin/opinyon mo tungkol dito?



# Suriin

**Tandaan**

( Ang saloobin ay tumutukoy sa opinyon )

**Opinyon**- ay sariling palagay, pananaw o saloobin tungkol sa isang balita, isyu o usapan.

**Halimbawa:** Sa tingin ko, tama lang na ikansela ng pangulo ang F2F classes para mas maiwasan natin ang anumang problema lalung-lalo na kung ang pinag-uusapan ay kaligtasan na ating kabataan.

Ano ang damdamin mo tungkol sa balita?

*(Ang damdamin ay tumutukoy sa reaksyon)*

**Reaksyon**- ay damdaming nagpapakita ng pagsang-ayon, pagsalungat, pagkatuwa o pagkadismay sa mga balita,isyu o usapan.

**Halimbawa:** Natutuwa ako sa desisyon ng pangulo na ikansela ang F2F dahil akoy magulang din, ayaw ko rin na ipagsapalaran ang kaligtasan ng aking mga anak.

Ang sumusunod ay mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay ng opinyon o reaskyon

- sa palagay ko…
- sa aking opinion…
- sa aking pananaw…
- sa tingin ko…
- sa ganang akin…
- para sa akin…
- kung ako ang tatanungin…
- naniniwala akong…



# Pagyamanin

Para higit mong malinang ang iyong kaalaman sa pagpapahayag ng iyong Opinyon o Reaksyon narito ang inihanda kong gawain para sayo.

**Pagyamanin A**

Kumpletuhin ang mga pangugusap. Ibigay ang sariling opinyon o reaksyon sa mga sumusunod na isyu.

**1.** Pagpapapasok sa mga bata sa mga mall at kainan sa mga lugar na mababa na ang bilang ng positibo sa covid 19.
Opinyon: Sa palagay ko ________________________________
________________________________________________

**2.** Paghinto sa pag-aaral ng maraming estudyante dahil sa pandemya.
Opinion: Para sa akin ________________________________
________________________________________________


**3.** Maraming estudyante ang napababayaan ang pag-aaral dahil sa pagkahilig sa paglalaro ng mobile games.
Opinyon:Naniniwala akong____________________________
_________________________________________________________

**4.** Di alintana ng mga doktor at Nars ang hirap sa pagsuot ng PPE, malayo sa pamilya, gutom at antok dahil sa sinumpaang tungkulin. Maituturing na sila ay mga bayani sa panahon ng pandemya.
Reaksyon:Sumasang-ayon akong____________________
_______________________________________________________________

**5.** Kahit na nahihirapan, marami parin sa mga magulang ang aktibong nagkuha at nagsauli ng mga modyul bawat lingo.
Reaksyon:Nakakatuwang isipin______________________
_______________________________________________________________

## Pagyamanin B


Kumpletuhin mo ang sumusunod na mga pahayag sa larawan at isulat ang iyong sagot sa patlang.


**1.** 


Para po sa akin ____________________________________
____________________________________________

.

**2.** 
Sa Palagay ko ____________________________________
____________________________________________

**3.** 
Naniniwala po akong ______________________________
____________________________________________

**4.** 
Sa aking palagay _________________________________
____________________________________________

**5.** 
Hindi ako sang-ayon _______________________________
____________________________________________



# Isaisip

**Tandaan:**

- ✓ **Opinyon**- ay isang sariling palagay, pananaw o saloobin tungkol sa isang balita, isyu o usapan.
- ✓ **Reaksyon**- ay ang damdaming nagpapakita ng pagsang-ayon, pagsalungat. Pagkatuwa o pagkadismaya sa mga balita, isyu o usapan.

Sa pagbibgay ng opinion o reaksyon dapat na**:**

- ✓ Unawaing mabuti ang balita,isyu o usapan
- ✓ Suriin and dalawang panig
- ✓ Maging magalang sa pagpapahayag ng opinion o reaksyon



# Tayahin

A. Magbigay ng sariling opinyon o reaksyon batay sa mga isyung ibinibigay.

1. Diborsyo
   Opinyon:______________________________________________
   Reaksyon:_____________________________________________
2. Maagang pagbubuntis
   Opinyon:______________________________________________
   Reaksyon:_____________________________________________
3. Pagbalik ng Death Penalty sa kasalanang panggagasa sa mga minor age
   Opinyon:______________________________________________
   Reaksyon:_____________________________________________
4. Pagbaba ng 13-15 gulang sa mga batang nakagawa ng krimen
   Opinyon:______________________________________________
   Reaksyon:_____________________________________________
5. Curfew para sa kabataan 10 hanggang 18 taong gulang
   Opinyon:______________________________________________
   Reaksyon:_____________________________________



# Isagawa

Basahin ang kwento.

**Ang Agila at Ang Salagubang**

Gutom na gutom na ang Agila kaya naghahanap siya ng hayop na gagawing pananghalian. Mula sa kaitasan ay napansin niya ang isang kunehong masayang naglalakad sa kagubatan.

Nang tumingala ang kuneho ay alam niyang sasakmalin siya ng hari ng mga Ibon. Upang makaiwas sa kapahamakan ay nagtatakbo ito upang magtago.

Napansin ng Salagubang ang paghabol ng Agila sa kuneho .Nang magkamata ng paningin ang kuneho at salagubang ay humingi ng tulong ang hinahabol.

"Salagubang! Salagubang! Tulungan mo ako! Tiyak na aabutan at gagawin akong pananghalian ni haring Agila."

Mabilis tumakbo ang kuneho pero mabilis ding lumipad at humahabol ang Agila.

"Hoy, Agila! Mahiya ka sa sarili mo! Hari ka pa naman din ng ibang kalahi mo pero isang maliit na kuneho ang hinahabol mo!"

Hindi pinakinggan ng gutom na agila ang sigaw ng Salagubang. Ang alam niya ay kumakalam ang kaniyang sikmura at masarap na gawing pananghalian ang Kunehong may matabang tiyan.

Umaaktikabong habulan ang naganap pero kahit bilisan ng Kuneho ang pagtakbo at pagtalon ay naabutan din siya ng Agilang gutum na gutom.

Kawawang kuneho." Buntunghininga ng Salagubang nang matanawan ang nagsisisgaw na kaibigan na gawing masaganang pananghalian ng Agilang walang awa kaninuman.

Naisip ng Salagubang na panagutin sa kasalanan ang Agilang hindi makatarungan.

Magmula nang gawing pananghalian ang kaibigan ay lagi na niyang sinusundan-sundan ang Agila. Nalaman niyang sa ituktok ng bundok nangingitlog ang Agila. Sumunod siya dito. Habang wala pa ang agila ay nilipad ng salagubang ang pugad ng hari ng mga ibon. Isa-isa niyang itinulak ang mga itlog mula sa pugad. Basag ang mga ito nang malaglag sa lupa. Galit na galit ang Agila na nagsumbong kay Jupiter.

"Kamahalan, binabasag po ni Salagubang ang mga itlog na nasa pugad ko. Tulungan po ninyo ako"

Upang hindi na maulit na mabasag ang mga itlog, pumayag si Jupiter na sa kandungan niya mamugad ang Agila.

Ito nga ang ginawa ng Agila. Nagsilbing pugad ang kandungan ni Jupiter.

Nang malaman ito ni Salagubanag ay nakaisip siya ng paraan upang maipagpatuloy ang paghihiganti. Nang nakatulog si Jupiter ay binagsakan niya ng dakut-dakot na lupa ang kandungan ng kamahalan. Nang magising si Jupiter at pagpagin ang lupa ay sumama ang mga itlog na nangabasag sa lupa.

Magmula noon, lagi nang naghahanap ang mga Agila kung saan nila maitatago ang mga pugad na pinangingitlugan nila. Sinasabing patuloy na ipinaghihiganti ng Salagubang ang Kunehong matalik na kaibigan.

*(Pinagkukunan: http:/ kwentongtagalog.blogspot.com)*

**Panuto**: Batay sa kwentong "Ang Agila at Ang Salagubang", magbigay kayo ng inyong sariling Opinyon o Reaksyon sa mga sumusunod na kaganapan.

1. Hinabol at ginawang pananghalian ni Agila si kuneho.
   Reaksyon:_______________________________________

2. Salagubang! Salagubang! Tulungan mo ako, Tiyak na kakainin ako ni haring Agila!
   Reaksyon:________________________________________
3. Kawawang kuneho. Buntung hininga ni Salagubang nang namataan ang nagsisigaw na kaibigan.
   Opinyon:_________________________________________
4. Isa-isang itinulak ni Salagubang ang mga itlog ni agila at basag itong nalaglag sa lupa.
   Reaksyon:__________________________________________
5. Hanggan ngayon ay patuloy parin ang mga Agila sa paghanap ng lugar na pangingitlugan.
   Opinyon:___________________________________________

# Karagdagang Gawain

A. Gumawa ng isang talata na nagpapahayag ng iyong sariling opinyon o reaksyon tungkol sa sistema ng ating edukasyon ngayon dahil sa pandemya.

| **Rubrics sa Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksyon** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Nauunawaan ng mabuti ang balita, isyu o usapan | | | | | |
| Nasusuri ng mabuti ang dalawang panig | | | | | |
| Naging magalang sa pagpapahayag ng opinion o reaksyon | | | | | |

**ARALIN 2**

# Pagsusuri ng Pagkakaiba ng Kathang-isip at Di-kathang-isip (Fiction and Non-fiction)



## Tuklasin

Naaalala mo pa ba ang kuwentong “ Ang Agila at Ang Salagu-bang? Naibigan mo ba ang kwento?Sa palagay mo ba’y nangyayari ang kuwento sa totoong buhay?

Ano ang tawag sa kuwentong hindi nangyayari kailan man sa totoong buhay?Ang kwentong nabasa mo ay isang **kathang isip**, ito ay hindi nakabatay sa katotohanan sa halip, haka-haka lamang ng may-akda.



## Suriin

**Kathang isip-** ay anumang anyo ng salaysay na trato, sa bahagi o sa kabuuan na may mga pangyayari na hindi nababatay sa katotohanan, ngunit sa halip, haka-haka o imbento ng may-akda.

**Halimbawa:**

- Epiko
- Alamat
- Kwentong Barbero
- Nobela
- Mitolohiya
- Parabula
- Maikling kwento

**Di-kathang isip**- ay isang paglalahad, pagsasalaysay o kinatawan ng isang paksa na inihaharap ng isang may-akda bilang katotohanan. Bumabatay ang may-akda sa mga tunay na balita o kaganapan.

**Halimbawa**:

- Talumpati
- Balita
- Kasaysayan
- Historya
- Anekdota
- Talambuhay



# Pagyamanin

Ngayong alam mo na ang pagkakaiba ng kathang isip at di-kathang isip na akdang nabasa o napakinggan, subukan mong gawin ang mga sumusunod na gawain.

**Pagyamanin A**

Suriin ang mga paglalarawan sa katangian ng teksto.Pagpasiyahan kung ito ay tumutukoy sa kathang-isip o di-kathang isip. Lagyan ng tsek( √ ) ang hanay ng wastong sagot.

| Katangian | Kathang -isip | Di-kathang -isip |
|---|---|---|
| 1.Naglalahad ng tunay na pangyayari. | | |
| 2. Naglalahad ng kathang may kababalaghan o pantasya | | |
| 3. Nagpapakita ng makatotohanang pagbabalangkas ng mga maaaring maging mga kaganapan sa hinaharap na ibinatay sa nakalipas at kasalukuyan. | | |
| 4. Nagpapakita ng paksang nakikita sa mga aklat, sining, telebisyon, pelikula, at tanghalan. | | |
| 5.Naglalahad ng tiyak na mga nangyayari na ibinatay sa kaganapan sa buong mundo. | | |
| 6.Naipapakita ang mga pangyayaring hindi maaaring mangyari. | | |
| 7.Nailalahad ang bunga ngmalikhaing imahinasyon ng sumulat. | | |
| 8.Naipakikita ang mga pangyayaring nakabatay sa mga impormasyon at detalye ng mga balita at totoong kaganapan. | | |
| 9.Naisasalaysay ang mga pangyayaring bahagi na ng kasaysayan | | |
| 10.Natatalakay ang ibat ibang maaaring mangyari at magbago sa tauhan, pook, o pinangyarihan. | | |



# Isaisip

**Laging tandaan:**

Ang kaibahan ng kathang-isip at di-kathang-isip ay:

- ✓ **Kathang-isip** – ay anumang anyo ng sanaysay na trato, sa bahagi o sa kabuuan na may mga pangyayari na hindi nababatay sa katotohanan, ngunit sa halip, haka-haka o imbento lamang ng may may-akda.
- ✓ **Di-kathang-isip**- isang paglalahad, pagsasalaysay, o kinatawan ng isang paksa na inihaharap ng isang may-akda bilang katotohanan. Bumabatay ang may-akda sa mga tunay na balita o kaganapan.
- ✓



# Isagawa

Basahing mabuti ang bawat pahayag. Isulat sa patlang ang iyong pangalan kung ito ay kathang isip, apelyido naman kung ito ay di-kathang isip.

__________1. Laglag ang balikat ni Agila nang makitang basag ang kanyang mga itlog.

__________2. Marami ang mag-aaral na nahihirapan sa modyul dahil sila ay may special needs.

__________3. Kenansila ni Pangulong Duterte ang face to face classes dahil sa bagong nadiskubre na virus sa Uk.

__________4. Ang kuwentong, "Ag Agila at ang Sagubang" ay isang imahinasyon lamang ng may-akda.

__________5. Naaayon sa totoong kaganapan ang ipinapahayag ng di-kathang isip.



# Tayahin

Suriin ang mga pahayag.isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

1. Kung ang kathang isip ay binunuo ng mga haka-haka lamang ng may-akda, and Di-kathang isip ay binubuo ng ______.

a. Imahinasyon c. Alamat

b. Pabula d. tunay na pangyayari

2. Kung ang di-kathang isip ay makatutuhanan ang kathang isip naman ay______.

a. Imahinasyon c. makatutuhanan

b. Alamat d. kathang isip

3. Ang kathang isip ay kinabibilangan ng Alamat, ang di-kathang isip naman ay kinabibilangan ng _______.

a. Pabula c. Tambelina

b. Alamat d. balita

4. Kathang isip: Ang Agila at Ang Salagubang: Di-kathang isip_______.

a. Ang tipaklong c. Balitang isports

b. Ang tatlong bebe d. Ibong Adarna

5. Ang di kathang isip ay binubuo ng mga sumusunod maliban sa isa______.
a. Talumpati    c. kasaysayan
b. Historya    d. tula

# Karagdagang gawain

Sumulat ng isang kuwentong nangyayari sa iyong kathang isip lamang.

| Rubrics sa Paggawa ng kuwento | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Wasto ang pagkakabuo ng mga pangungusap | | | | | |
| Malinis at wasto ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento | | | | | |
| Mabisa ang pagpapahayag ng mga pangyayari sa kuwento | | | | | |

# Sanggunian:


*[Fighting virus black and white].* Accessed December 2020.
https://www.google.com/search?q=fighting+virus+black+and+white&tbm=isch&ved=2ahUKEwjNlJ_GhpDuAhXSNaYKHaVGBbMQ2-cCegQIABAA&oq=fighting+virus+black+and+white&gs_l.

*[Larawan ng klase sa paaralan black and white].* Accessed December 2020.
https://www.google.com/search?q=larawan+ng+klase+sa+paaralan+black+and+white&tbm=isch&ved=2ahUKEwjlwrTohpDuAhVHCaYKHY9hCv4Q2-cCegQIABAA&oq=larawan+ng+klase+sa+paaralan+black+and+white&gs_lcp=CgNpbWcQAzoECAAQHlCiD1jqL2DLNWgAcAB4AIABlwKIAaAWkgEGMC4xMi40mAEAoAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWfAAQE&sclient=img&ei=wEL6X-XiG8eSmAWPw6nwDw&bih=507&biw=769&rlz=1C1CHJW_enPH726PH728#imgrc=pVojs1tw7F8wxM.

*[Mobile games black and white].* Accessed December 2020.
https://www.google.com/search?q=mobile+games+black+and+white&tbm.

*[Wearing mask black and white].* Accessed December 2020.
https://www.google.com/search?q=naka+mask++black+and+white&tbm=isch&ved=2ahUKEwiF9dm6h5DuAhWOHaYKHUwRB9AQ2-cCegQIABAA&oq=naka+mask++black+and+white&gs_lcp=CgNpbWcQA1D0mgFY7qUBYK-uAWgAcAB4AIAB2QGIAZELkgEFMC43LjGYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ8ABAQ&sclient=img&ei=bUP6X8WKAo67mAXMopyADQ&bih=507&biw=769&rlz=1C1CHJW_enPH726PH728#imgrc=AqwzqbcovCc7CM.

*Posas.* Accessed December 2020.
https://www.google.com/search?q=Posas+black+and+white&tbm=isch&ved=2ahUKEwiO35XGh5DuAhULhJQKHSiqAWkQ2cCegQIABAA&oq=Posas+black+and+white&gs_lcp=CgNpbWcQAzIGCAAQCBAeOgUIABCxAzoCCAA6CAgAELEDEIMBOgcIABCxAxBDOgQIABBDOgYIABAFEB46BggAEAoQGDoECAAQGFCvpQZY0ZAHYKmUB2gAcAB4BIABjQOIAZslkgEIMC4yMC41LjGYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ7ABAMABAQ&sclient=img&ei=hUP6X86IBYuI0gSo1IbIBg&bih=507&biw=769&rlz=1C1CHJW_enPH726PH728#imgrc=vBbz_-PR_exQ1M.

# Susi sa Pagwawasto

Aralin 1

**Subukin**

1. ☺ 6. ☹
2. ☺ 7. ☹
3. ☺ 8. ☹
4. ☹ 9. ☹
5. ☹ 10. ☺

Balikan

| Tunog | Maliit na hayop | Gubat | Agila | Mataas na lugar |
|---|---|---|---|---|
| Tsirp…<br>Hiss… | Insekto<br>Salagubang<br>kulisap | Mababangis<br>na hayop<br>Malalagong<br>Puno<br>Halamang<br>gubat | Matatayog<br>ang lipad<br>matutulis<br>na kuko<br>nangangalit<br>ang tingin | Tore ng hari<br>Tuktok ng bundok<br>Himpapawid |

**Pagyamanin A**
Depende sa bata ang sagot

**Isagawa**
Depende sa bata ang sagot

**Tayahin**
Depende sa bata ang sagot

**ARALIN 2**

**Pagyamanin B**

1. Di-kathang-isip
2. Kathang-isip
3. Di-kathang isip
4. Kathang-isip
5. Di-kathang-isip
6. Di-kathang isip
7. Kathang-isip
8. Di-kathang-isip

**Karagdagang Gawain**
Rubrics pahina

**Pagyamanin C**

1. Kathang-isip
2. Kathang-isip
3. Kathang-isip
4. Di-kathang-isip
5. Di-kathang-isip
6. Di-kathang-isip
7. Di-kathang-isip
8. Kathang-isip

**Isagawa**
Depende sa pangalan at apelyido ng bata

**Tayahin**

1. D
2. A
3. C
4. C